Australian Government
Aged Care Quality and Safety Commission

Engage
*Empower*
**Safeguard**

# Ano ang aasahan sa pagsiklab ng COVID-19 – mga residente sa mga pasilidad sa pangangalaga ng matatanda

Kung mayroong may COVID-19 sa inyong pasilidad sa pangangalaga ng matatanda, magkakaroon ng ilang mga pagbabago. Ang mga pagbabagong ito ay kaagad isasagawa. Maaari kang mag-alala kapag nangyari ang mga pagbabagong ito ngunit ang layunin ay panatilihin kang ligtas.

Kabilang sa mga pagbabagong maaari mong mapansin ay:

## PAGSASARA (LOCKDOWN)

- Ang mga bisita ay paaalisin at ang pagsasara (lockdown) ay sisimulan
- Hindi ka maaaring lumabas ng gusali maliban sa mga natatanging kalagayan

## NADAGDAGANG KOMUNIKASYON

- Ipapaalam lagi sa iyo ng mga kawani kung ano ang nangyayari, at kung mayroon kang katanungan, dapat mo itong itanong sa kanila
- Ang iyong pamilya ay kokontakin at ang regular na komunikasyon tungkol sa pagsiklab (outbreak) ay ibibigay
- Ikaw ay tutulungan na makipag-ugnayan sa iyong pamilya at mga kaibigan
- Maglalagay ng mga palatandaan sa labas ng silid ng sinuman na nasuring positibo sa COVID-19
- May mga palatandaan din na naghahati sa gusali sa iba't ibang sona (zone)
- Ang iba pang mga palatandaan ay magkukumpirma na ang pasilidad ay naka-lockdown bilang tugon sa outbreak ng COVID-19

## PAGSUSURI

- Lahat ng mga kawani at residente ay maaaring suriin para sa virus
- Ang mga pagsusuri ay maaaring kailanganing ulitin habang ang outbreak ay pinamamahalaan o kung magsimula kang magkaroon ng mga sintomas

## PAGHIHIWALAY NG SARILI

- Ikaw ay maaaring ganap na ihiwalay sa ibang mga residente upang maprotektahan ang lahat ng tao sa pasilidad
- Ikaw ay maaaring pansamantalang ilipat sa ibang silid o lugar habang nagsisikap ang mga kawani na bawasan ang mga panganib para sa lahat ng mga residente
- Maaaring sabihan kang gumamit ng ibang banyo o maghugas ng iyong sarili sa iyong kuwarto

## PERSONAL PROTECTIVE EQUIPMENT (PPE)

- Ang mga tao ay magsusuot ng natatanging kagamitan upang pamahalaan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 sa buong pasilidad – maaaring kabilang dito ang gown, guwantes, mask at proteksyon sa mukha (face shield). Ito ay upang protektahan ka at ang iba sa pagkalat ng virus
- Kung ikaw ay may ubo o nasuring positibo sa COVID-19, maaari ka ring hilingang magsuot ng mask
- Ang mga tao na may mask ay naiiba ang hitsura at mukhang nakakatakot. Sasabihin nila sa iyo kung sino sila, at masasanay ka ring makakita ng mga taong ganito ang hitsura. Sila ay patuloy na mangangalaga sa iyo

## NADAGDAGANG PAGLILINIS

- Ang mga ibabaw na nahahawakan ng lahat ay mas madalas na lilinisin – kabilang dito ang mga harang sa gilid ng kama (bedrails), mga switch ng ilaw at mga hawakan ng kamay (handrails)
- Ang iyong silid ay madalas na lilinisin, habang ang iba pang mga lugar ay lilinisin nang maraming beses bawat araw

## IBA PANG MGA PAGBABAGO

- Ang pagkain ay maaaring hinanda sa ibang lugar at maaaring iba ang presentasyon. Ikaw ay sisilbihan ng pagkain sa iyong silid
- Ang mga tray, mga kutsara't kubyertos at mga tasa't plato ay maaaring palitan ng isahang-gamit na mga item
- Madaragdagan ang pagsubaybay sa iyong kalusugan at kapakanan – maaaring kabilang dito ang regular na pagsipat sa iyong temperatura, paghinga at paghahanap ng iba pang mga pagbabago sa iyong kondisyon at pakiramdam
- Ang iba o bagong kawani ay maaaring pansamantalang tumulong sa iyong pangangalaga at mga suportang serbisyo – ito ay dahil ang dating kawani ay maaaring naghiwalay ng sarili sa bahay. Maaaring mangahulugan ito ng higit pang pangangalaga para sa iyo kung mayroon kang mga partikular na pangangailangan

## PAANO KA MAKAKATULONG

- Maging maunawain sa mga pagbabago na dinisenyo upang protektahan ang mga residente at kawani. Malamang na pansamantala lang ang mga ito
- Magtanong kung nag-aalala ka sa anumang bagay
- Huwag kakalimutang hugasan nang mabuti at madalas ang iyong mga kamay gamit ang sabon; iwasang hipuin ang iyong mukha at bibig; gamitin ang singit ng iyong siko o isang tisyu upang takpan ang iyong pag-ubo o pagbahin
- Iulat kaagad ang anumang mga sintomas ng karamdaman